De La Salle University – Dasmariñas

# "Ang Ugali at Pagkatao ng mga Migranteng Marinduqueños sa Almanza II, Lungsod ng Las Piñas at ang mga Kadahilanan ng Migrasyong Internal"

Isang Tesis na Iniharap
sa Departamento ng Sikolohiya
Pamantasang De La Salle - Dasmariñas

Bilang Bahagi ng Pagtupad sa Pangangailangan
Para sa Katibayan ng Pagtatapos ng Kursong
Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya

nina

Michelle Ann A. Cruz
Janice P. Tolentino
Hilda V. Viray

2005

14 APR 2005

AKLATANG EMILIO AGUINALDO ARCHIVES

## TALAAN NG NILALAMAN


| | Pahina |
|---|---|
| **I. Pasasalamat** | **3** |
| **II. Abstrak** | **4** |
| **III. Kabanata 1: Ang Suliranin at Kaligiran** | **10** |
| a. Panimula | 10 |
| b. Konseptwal na Balangkas | 11 |
| c. Paglalahad ng Suliranin | 12 |
| d. Pagpapalagay | 13 |
| e. Saklaw at Limitasyon | 13 |
| f. Kahalagahan ng Pag-aaral | 14 |
| g. Pagpapakahulugan sa mga Terminong Ginamit | 15 |
| **IV. Kabanata 2: Pagsusuri ng mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral** | **17** |
| a. Migrasyon | 17 |
| b. Maynila: Destinasyon ng Migrasyon | 17 |
| c. Mga Kadahilanan ng Migrasyon | 18 |
| d. Mga Kaugnay na Pag-aaral | 19 |
| e. Ang Ugali, Pagkatao at ang Migrasyon | 20 |
| f. Ang Sikolohiya ng mga Migrante at ang Sikolohiyang Pilipino | 21 |
| **V. Kabanata 3: Metodolohiya** | **22** |
| a. Disenyo ng Pananaliksik | 22 |
| b. Mga Kasali sa Pananaliksik | 22 |
| c. Instrumentasyon ng Pananaliksik | 22 |
| d. Hakbangin sa Pagkuha ng Datos | 23 |
| e. Pagsusuri sa mga Datos | 24 |

## ABSTRAK

| | | |
|---|---|---|
| **Pangalan ng Institusyon** | : | De La Salle University – Dasmariñas |
| **Address** | : | Dasmariñas, Cavite |
| **Pamagat** | : | Ang Ugali at Pagkatao ng mga Migranteng Marinduqueños sa Almanza II, Lungsod ng Las Piñas at ang mga kadahilanan ng Internal na Migrasyon |
| **May-Akda** | : | Michelle Ann A. Cruz, Janice P. Tolentino, Hilda V. Viray |
| **Pinagkunan ng Pondo** | : | Magulang |
| **Halaga** | : | P 10,000.00 |
| **Sinimulan Noong** | : | Agosto, 2004 |
| **Natapos Noong** | : | Marso, 2005 |

### LAYUNIN NG PAG-AARAL

**A. Pangkalahatang Layunin**

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay malaman ang ugali at pagkatao ng mga migranteng Marinduqueños sa Almanza II, Lungsod ng Las Piñas at ang mga kadahilanan ng migrasyong internal.

**B. Partikular na Layunin**

1. Ano ang demograpikong katayuan ng mga kalahok ayon sa mga sumusunod:
   a. edad
   b. kasarian
   c. natapos na edukasyon
   d. estadong sibil
   e. sosyo-ekonomikong katayuan
2. Ano ang *personality profile* o ugali at pagkatao ng mga migrante ?

3. Anu-ano ang mga kadahilanan at ang mga naghihikayat sa mga Marinduqueño para magdesisyong mangibang-pook?
4. Ano ang pagkakaugnay ng sikolohiya ng mga migranteng Marinduqueño sa Sikolohiyang Pilipino?

**SAKLAW AT LIMITASYON**

Kasali sa pag-aaral ay ang mga pinaniniwalaang makatutulong para mabatid ang kaugnayan ng ugali't pagkato sa pagkakaroon ng internal na migrasyon. Sa kabuuan, ang mga migranteng nagmula sa probinsya ng Marinduque at sa kasalukuyan ay naninirahan sa Almanza II Lungsod ng Las Piñas ang partikular na bibigyang-tuon sa pag-aaral na ito. Saklaw nito ang Marinduqueños na may edad mula labingwalo (18) hanggang animnapu (60) lamang. Hindi na kasali ang mga mas bata pa sa 18 sa dahilang maaaring kaunti pa lamang ang kanilang karanasan at opinyon tungkol sa paksa. Nilimitahan ang mga kasali sa edad na 60 dahil lubhang mahihirapan na ang mga may ganitong edad na sagutin ang panukat ng ugali at pagkatao na binubuo ng 160 mga katanungan. Hindi maikakaila na sa mga ganitong edad, karaniwan na ang pagkakasakit na maaaring makasagabal sa pagtatagumpay ng pag-aaral.

**METODOLOHIYA**

**A. Disenyo ng Pananaliksik**

Sa pag-aaral, ginamit ng mga mananaliksik ang paglalarawan o deskriptibong disenyo ng pananaliksik sapagkat ito ang naangkop sa layuning sumuri o magpalawak sa kung anong istraktura ng pag-uugali't pagkatao mayroon ang mga migranteng Marinduqueños at upang mailahad ang mga kadahilanan ng migrasyon base sa nakalap na mga datos.

**B. Mga Kasali sa Pananaliksik**

"*Cluster purposive sampling*" ang ginamit ng mga mananaliksik sa pagkuha ng mga kalahok sa pag-aaral kung saan binatay ang pagpili sa pagkakaroon nito ng kaugnayan sa naturang paksa. Ang apatnapung respondent kasali sa pag-aaral ay mga migrante mula sa probinsya ng Marinduque na kasalukuyang naninirahan sa Almanza II, Lungsod ng Las Piñas. Ang mga napiling kasapi ay minarapat na napapaloob sa edad na labingwalo (18) hanggang animnapu (60) taong gulang lamang.

**C. Instrumentasyon ng Pananaliksik**

Upang masukat ang pag-uugali at pagkatao ng mga kalahok, ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng instrumento na Panukat ng Ugali at Pagkatao ng mga Pilipino (PUP) na akda ni Dr. Virgilio Enriquez kasama si Angeles Guanzor..

Gumamit din sa panaliksik na ito ng tseklist, na nakapaloob ang ilang personal na impormasyon tulad ng kasarian, estadong sibil, pinag-aralan at taunang kita. Nakasaad dito ang ilang opsyon na may karagdagang katanungan tungkol sa mga nag-impluwensya sa respondent na mangibang pook. Ang ilang opsyon ay tulad ng: oportunidad pangkabuhayan, edukasyon, kamag-anak/pamilya at iba pang kadahilanan.

Dahil sa hindi nga tahasang umaamin ang mga tao kaya minarapat na gamitin ang metodong pakikipagkuwentuhan upang masuri nang mabuti ang kaugnayan ng sikolohiya ng mga migrante sa Sikolohiyang Pilipino.

**D. Hakbangin sa Pagkuha ng Datos**

Bago sinimulan ang pag-aaral na ito, nagtanung- tanong muna ang mga mananaliksik sa ilang pamilya ng nakatira sa paligid ng Almanza II, Las Piñas. Tinanung-tanong ang ilang pamilya o indibidwal doon kung

sino sa kanilang mga kakilala na tagaroon ang mga naging migrante o maaaring sila mismo ay mga migrante rin ng naturang lugar. Matapos malaman kung sinu-sino ang maaaring isali sa pag-aaral na ito, minabuti ng mga mananaliksik na hingin ang permiso ng bawat isa na maging respondent sa nasabing pagsasaliksik. Matapos pumayag na makiisa ng mga respondent, nakipagkilanlan ang mga tagapagsaliksik upang maging palagay ang loob ng mga kasapi. Nagkaroon ng ilang pagkukuwentuh-an upang ang pagpapahayag ng mga respondent ng eksperiyensya sa migrasyon ay maging kusa at natural.

Matapos ang ilang pakikipagkuwentuhan, nagbigay ang mga mananaliksik ng mga katanungan na mas lalong makakapagpapatunay sa isinasagawang pag-aaral. Matapos ang pagpapasagot at pakikiisa ng mga respondent, nagbigay ang mga manaliksik ng simpleng "token" o pasasalamat sa mga naging kasali.

**RESULTA NG PAG-AARAL**

1. Karaniwan sa mga migrante ay nasa gulang na 18-30 at 41-50. Lumabas na mas dominante ang mga migranteng lalaki kaysa sa mga babae at karamihan ay kasal o may asawa. Pinakamarami ang nakatungtong at nakapagtapos hanggang sa sekondaryang pag-aaral kung kaya karaniwan sa mga migranteng kalahok sa pag-aaral na ito ay may taunang kita na mababa 100,000 piso.
2. Ang mga lumutang na ugali at pagkatao base sa Panukat ng Ugali at Pagkatao ay ang mga sumusunod :
   a. Kaugalian
   b. Pagkamapagtimpi
   c. Pagkasigurista
   d. Pagkamaalalahanin
   e. Pagkamapag-bigay
   f. Pagkapikon
   g. Pagkasalawahan
   h. Katiyagaan
   i. Hirap Kausapin
   j. Pagkamaramdam

3. Ang lumabas na pinakapangunahing sanhi ng pagkakaroon ng migrasyong internal ay ang trabaho o oportunidad pangkabuhayan. Sumusunod dito ang impluwensiya ng kamag-anak o pamilya na sinundan naman ng edukasyon, pangarap makarating sa Maynila, pag-aasawa at ang huli ay ang pagtakas sa problema.
4. Masasabing kung ano man ang kinalabasan ng pag-aaral tungkol sa sikolohiya ng mga migranteng Maringnduqueño ay makakaapekto sa pananaw o pagkaunawa sa Sikolohiyang Pilipino sa kabuuan

**KONGKLUSYON**

Base sa mga resulta ng pag-aanalisa ng mga datos na nakalap maaaring sabihin na :

1. Ang tao ay produkto ng kanyang kapaligiran. Ang tao ay umuunlad hindi lamang dahil sa mga katangiang kanyang minana kundi dahil na rin sa mga impluwensiyang sosyal, pulitikal at pang-ekonomikong kalagayan na umiiral sa kanyang paligid.
2. Ang ugali't pagkatao ng mga migranteng Marinduqueño sa kabuuan ay hindi masasabing may direktang kaugnayan sa kanilang pagdedesisyon na mangibang pook. Maaaring mayroong iba pang panlabas na kadahilanang nakakaapekto sa kanilang pagdedesisyon mangibang-pook.
3. Ang Sikolohiya ng mga migranteng Marinduqueño ay pahapyaw na tumatalakay sa kalaliman ng Sikolohiyang Pilipino. Ang pagtalakay ng ugali't pagkato ng isang Marinduqueño ay nakakatulong sa pagbubuo ng konkretong aspeto ng Sikolohiyang Pilipino.

**REKOMENDASYON**

Base sa resulta ng pag-aaral, ang mga sumusunod ay inirerekumenda ng mga mananaliksik :

1. Sa pag-aaral ng ugali at pagkatao ng Marinduqueños o iba pang pangkat etniko, ang mga mananaliksik sa hinaharap ay marapat na tingnan ang tao bilang isang indibidwal na hiwalay sa kanyang paligid. Mas mabuting huwag pagsamahin ang pag-aaral ng ugali't pagkatao sa iba pang pag-aaral upang lubos na maintindihan at makakuha ng tiyak na resulta.
2. Sa pag-aaral ng penomenong migrasyong internal, mas mabuting pagtuunan ng pansin ang mga kadahilanan ng migrasyon upang lubos na maipaliwanag ang pagkakaroon nito.
3. Sa pag-aaral ng ugali at pagkatao ng mga migrante, marapat na piliing mabuti ang mga kalahok. Mas mabuting piliin ang mga bago pa lamang sumabak sa migrasyong internal upang makatiyak na ang kanilang ugali at pagkatao ay hindi pa nahahaluan ng urbanisadong kaugalian.